

# Bakit Dapat Maging Donor ng Organ o Tissue?

May matindi at agarang pangangailangan ng mga donor ng organ, dugo, at tissue. Sa pamamagitan ng pagiging donor, magagawa mong mabigyan ng pagkakataong mabuhay ang isang taong nangangailangan.

**MAHIGIT**

**23,000**

taga-California ang nasa waitlist para sa transplant ng organ.<sup>1</sup>



**KADA**

**9**

na minuto, may isa pang taong sumasali sa waitlist ng national organ.<sup>3</sup>

Mga taga-California na naghihintay para sa mga transplant na makakapagligtas ng buhay.<sup>2</sup>

**46%**

Latinx

**21%**

Mga Asian at Pacific Islander

**21%**

Mga White American

**10%**

Mga Black American

**1%**


Mga American Indian

**1%**

Mga Multiethnic



Araw-araw, **20** American ang namamatay dahil hindi available ang isang organ.<sup>4</sup>



Maaaring mag-donate ang isang buhay na donor ng organ tulad ng bato, bahagi ng atay, at bone marrow.<sup>5</sup>



Sa average, **isa sa apat** na buhay na donor ang hindi nauugnay sa tatanggap.<sup>6</sup>



**95%** ng Mga American ang sumusuporta sa pag-donate ng organ, ngunit **58%** lang ang nakarehistro bilang mga donor ng organ.<sup>7</sup>



Ang **isang** tao ay makakapagligtas ng **walong** buhay at mapapabuti niya ang mga buhay ng **75** pang ibang tao sa pamamagitan ng pag-donate ng organ, mata, at tissue.<sup>8</sup>

Matuto pa sa [stanfordhealthcare.org/donatelife](https://stanfordhealthcare.org/donatelife)

1. "The Organ Transplant Waitlist," Donate Life California, na-access noong Marso 21, 2023, <https://donatelife-california.org/education/how-donation-works/the-organ-transplant-waiting-list/>
2. "State data," Organ Procurement & Transplantation Network, na-access noong Abril 13, 2023, <https://optn.transplant.hrsa.gov/data/view-data-reports/state-data/>
3. "Understand Donation," Donate Life America, na-access noong Abril 17, 2023, <https://donatelife.net/donation>
4. "Organ Donation Facts and Statistics," Donor Network West, na-access noong Marso 21, 2023, <https://www.donornetworkwest.org/organ-donation-facts-statistics/>
5. "Donate Organs While Alive," HRSA OrganDonor.gov, na-access noong Marso 21, 2023, <https://www.organdonor.gov/learn/process/living-donation>
6. "Living Donation," Donate Life America, na-access noong Marso 21, 2023, <https://www.donatelife.net/types-of-donation/living-donation/>
7. "Organ Donation Facts and Statistics," Donor Network West, na-access noong Marso 21, 2023, <https://www.donornetworkwest.org/organ-donation-facts-statistics/>
8. "Frequently Asked Questions," Donate Life America, na-access noong Marso 21, 2023, <https://www.donatelife.net/faq/>

# Bakit Dapat Maging Donor ng Organ o Tissue?

## Mga Madalas Itanong

### Sino ang maaaring maging donor?

Maaaring isaalang-alang ng mga tao sa anumang edad ang kanilang mga sarili bilang mga potensyal na donor ng organ. Ang iyong medikal na kundisyon sa oras ng pagkamatay ang magiging batayan sa kung anong mga organ at tissue ang maaaring i-donate. Kung mayroon kang kundisyon tulad ng diabetes o kanser, maaari ka pa rin maging donor ng organ o tissue sa maraming sitwasyon. Maaari kang magparehistro bilang donor ng organ anuman ang iyong seksual na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, at pagpapakita ng kasarian.

### Paano tumatakbo ang proseso ng pagdo-donate ng organ ng namatay?

Ang pagdo-donate ng organ ng namatay ay ang proseso ng pamimigay ng organ o bahagi ng organ, sa oras ng pagkamatay ng donor, para sa layunin ng pag-transplant sa ibang tao. Maaari lang mag-donate kapag nagawa na ang lahat ng makakaya upang mailigtas ang buhay ng pasyente, nagsagawa ng mga pagsusuri upang kumpirmahin ang kakulangan ng aktibidad sa utak o brainstem, at kapag idineklarang hindi na gumagana ang utak. Matuto pa tungkol sa pagdo-donate ng organ ng namatay mula sa Donate Life America: [donatelife.net/donation/types/deceased-donation](http://donatelife.net/donation/types/deceased-donation)

### Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang buhay na donor?

Ang isang buhay na donor ay kung kailan nag-donate ka ng organ, bahagi ng organ, tissue ng organ, dugo, o bone marrow habang ikaw ay nabubuhay pa. Maaari kang magsilbing buhay na donor para sa mga kamag-anak, mahal sa buhay, kaibigan, o nang anonymous para sa mga taong nangangailangan. Makakakita ng higit pang impormasyon sa Mga Programa para sa Pagdo-donate ng Organ Habang Nabubuhay pa ng Stanford Health Care, bisitahin ang [stanfordhealthcare.org/livingdonor](http://stanfordhealthcare.org/livingdonor) o isagawa ang susunod na hakbang sa:

- Pagdo-donate ng Bato Habang Nabubuhay pa: **650-498-8382** o [stanfordhealthcare.org/donatekidney](http://stanfordhealthcare.org/donatekidney)
- Pagdo-donate ng Atay Habang Nabubuhay pa: **650-724-5672** o [stanfordhealthcare.org/donateliver](http://stanfordhealthcare.org/donateliver)

### Pinapahintulutan ba ng aking pananampalataya at mga tradisyon ang pag-donate ng organ o tissue?

Itinuturing ng maraming relihiyon ang pag-donate ng organ bilang isang mabuting gawain o isang usaping nakabatay sa konsensya ng indibidwal. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin, kumonsulta sa iyong espirituwal na tagapayo.

### Mababago ba ang aking medikal na pangangalaga kapag nagparehistro ako bilang donor?

Mahalagang malaman na kapag ikaw ay may sakit o napinsala, hindi alam ng iyong mga propesyonal sa medikal na pangangalaga kung nagparehistro ka bilang isang donor ng organ. Nakatuon silang mailigtas ang iyong buhay. Malalaman lang nila na isa kang donor ng organ kapag ikaw ay namatay at aabisuhan nila ang medikal na team para sa transplant ng organ. Pagkatapos ng kamatayan, tutukuyin ng mga nangangalagang propesyonal ng kalusugan kung naaangkop para sa transplant ang iyong mga organ at tissue. Kung naaangkop ang mga ito, maingat na papangasiwaan ang iyong katawan.

### Bakit mahalaga para sa mga tao sa bawat komunidad na mag-donate?

Maaaring magresulta sa pagkakaroon ng higit na access sa mga transplant at tagumpay ang populasyon ng donor na mas magkakaiba-iba. Maaaring mapabuti ang pagkakataong magkaroon ng mas mahabang buhay kung malapit na magkatugma ang donor at tatanggap ayon sa iisang genetic background. Mahahalagang salik ng pagtutugma ang mga compatible na blood type at tissue marker at mas malamang na makikita ang mga ito sa mga miyembrong magkakapareho ang lahi o etnisidad. Higit sa kalahati ng mga taong naghihintay para sa mga transplant na makakapagligtas ng buhay sa California ay Black, Latinx, Asian, Pacific Islander, at Native American. Matindi ang aming pangangailangan para sa mga donor ng organ at tissue mula sa mga komunidad na ito.

### Paano ako matututo pa?

- Para matuto tungkol sa mga uri ng donor ng organ, dugo, at tissue; mahalagang katotohanan tungkol sa pagdo-donate; at ang komunidad kung saan pinakamatindi ang kakulangan ng donor, bisitahin ang [stanfordhealthcare.org/donatelife](http://stanfordhealthcare.org/donatelife).
  - Upang makasali sa pagpaparehistro ng organ sa California, bisitahin ang [register.donatelifecalifornia.org/register](http://register.donatelifecalifornia.org/register).
- Upang matuto pa tungkol sa pagdo-donate ng organ habang nabubuhay pa para sa bato at atay; mahalagang katotohanan tungkol sa pagdo-donate ng organ habang nabubuhay pa; at mga kuwento ng donor na nakakapagbigay ng inspirasyon, bisitahin ang [stanfordhealthcare.org/livingdonor](http://stanfordhealthcare.org/livingdonor).